ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PILAK: SUPLEMENTARYONG KAGAMITANG PANTURO SA PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO NG MGA MAG-AARAL

**Lysa Buenviaje Javier**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa bisa ng PILAK bilang isang suplementaryong kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa Baitang 4 sa asignaturang Filipino. Inilarawan dito ang antas ng paggamit ng PILAK batay sa mga bahagi nito na kinabibilangan ng inaasahang kaalaman, mga gabay na tanong, pagsasanay, repleksyon, gamit, at katumpakan. Ipinakita rin ang antas ng paggamit ng PILAK bilang kagamitang panturo batay sa katangian nito, partikular sa kaangkupan at disenyo. Bukod dito, tinukoy ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa larangan ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat, gayundin ang antas ng kanilang pagganap sa pagsusulit. Higit pa rito, sinuri kung may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng PILAK sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, at kung may makabuluhang epekto ito sa kanilang pagganap.*

*Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptibo at korelasyonal. Nilahukan ito ng siyamnapu't pitong (97) mag-aaral mula sa Paaralang Elementarya ng Pinagbayanan bilang mga tagatugon. Gumamit ng talatanungang binuo ng mananaliksik sa pagkalap ng datos. Ang mga datos na nakalap ay sinuri gamit ang weighted mean, Pearson product-moment correlation, at paired sample t-test upang matukoy ang antas, kaugnayan, at epekto ng mga baryabol na kabilang sa pag-aaral.*

*Ipinakita ng mga datos ang mataas ang antas ng paggamit ng PILAK sa lahat ng bahagi nito, kabilang ang inaasahang kaalaman, mga gabay  katangian nito na kaangkupan at disenyo. Ipinakita rin na mataas ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. At nakamit nila ang antas na Very Satisfactory sa kanilang pagganap sa pagsusulit. Dagdag pa rito, natuklasan na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng PILAK sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo. Natukoy din na may makabuluhang epekto ang paggamit nito sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Walang makabuluhang ugnayan ang disenyo ng PILAK sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ay hindi tinatanggap. Samantala, walang makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng angkop at makabuluhang kagamitang panturo tulad ng PILAK ay mahalagang salik sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mag-aaral, at ang pag-unlad sa kakayahang komunikatibo ay hindi lamang nasusukat sa pamamagitan ng tradisyunal na pagsusulit kundi nangangailangan din ng iba pang anyo ng pagtataya.*

*Batay sa resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagpapaunlad ng PILAK, paggamit ng iba't ibang anyo ng pagtataya, at pagsasagawa ng karagdagang pag-aaral hinggil sa pangmatagalang epekto nito.*

**SUSING SALITA**: *PILAK, Kakayahang Komunikatibo, Suplementaryong Kagamitan, Repleksyon, Filipino*

## 1. PANIMULA

Sa bawat silid-aralan ay matatagpuan ang mga mag-aaral na may iba't ibang paraan ng pagkatuto at pagpapahayag ng kanilang kaisipan. Lalo na sa mababang baitang, hindi lamang hamon kung paano matututuhan ng mga bata ang wika, kundi kung paano nila ito magagamit bilang kasangkapan sa pagkatuto at pakikipag-ugnayan. Dahil dito, mahalagang maipakilala ang mga kagamitang panturo na lalampas sa karaniwang aralin mga kasangkapang makatutulong sa pagpapayabong ng kanilang kakayahang komunikatibo sa loob at labas ng paaralan.

Sa kontekstong ito, mahalagang bigyang-tuon ang kakayahang komunikatibo, na tumutukoy sa kakayahan ng mag-aaral na gamitin ang wika nang wasto, angkop, at epektibo sa iba't ibang sitwasyon ng komunikasyon. Paliwang ni Celce-Murcia, et.al (2018), ang kakayahang komunikatibo ay nakatuon hindi lamang sa kaalamang lingguwistiko kundi pati sa sociocultural at discourse competence na mahalaga sa aktuwal na paggamit ng wika.

Binanggit ni Eslit (2017), na kanyng ipinahayag na "aside from one copy of the teacher's manual, only one copy of the learner's material was provided" sa mga silid-aralan ng Grade 1–2, na nagdulot ng limitadong oportunidad para matugunan ang iba't ibang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito ang kahalagahan sa mga kagamitang panturo na maaaring magsilbing suporta sa mas malawak at mas inklusibong pagkatuto. Sa ganitong kalagayan, higit na nagiging mahalaga ang paglinang sa wika bilang hindi lamang daluyan ng kaisipan kundi bilang instrumento ng pakikipag-ugnayan at pagkakaunawaan.

Para sa mga mag-aaral sa ikaapat na baitang, ang kakayahang gumamit ng wika nang wasto at angkop ay nagsisilbing pundasyon ng kanilang akademikong pag-unlad at paghahanda sa mga hamon ng tunay na buhay. Sa makabagong panahon ng edukasyon, patuloy ang pagsusumikap ng mga guro na gawing mas makabuluhan at kapaki-pakinabang ang karanasan sa pagkatuto. Isa sa mga pangunahing layunin sa pagtuturo ng wika ay ang malinang hindi lamang ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat, kundi higit sa lahat ang kakayahang komunikatib ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipagtalastasan nang malinaw, wasto, at angkop sa iba't ibang konteksto.

Sa ganitong pananaw, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbuo at pagpapaunlad ng PILAK bilang isang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

suplementaryong kagamitang panturo na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang. Sa pamamagitan ng malikhaing nilalaman, aktibong pakikilahok, at makabuluhang mga gawain, inaasahang magiging mas epektibo ang pagtuturo ng wika at higit na mapauunlad ang tunay na komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral sa Baitang 4.

Ang pag-aaral na ito ay nagnais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Paggamit ng PILAK bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ayon sa:
   - 1.1 Inaasahang Kaalaman;
   - 1.2 Mga gabay na tanong;
   - 1.3 Pagsasanay;
   - 1.4 Repleksyon;
   - 1.5 Gamit; at
   - 1.6 Katumpakan?
2. Ano ang antas ng Paggamit ng PILAK bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Katangian ayon sa?
   - 2.1 Kaangkupan; at
   - 2.2 Disenyo?
3. Ano ang antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo batay sa:
   - 3.1 Kakayahang Pakikinig;
   - 3.2 Kakayahang Pagsasalita;
   - 3.3 Kakayahang Pagbasa; at
   - 3.4 Kakayahang Pagsulat?
4. Ano ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pagsusulit?
5. May makabuluhan bang kaugnayan ang Paggamit ng PILAK bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral?
6. May makabuluhan bang epekto ang Paggamit ng PILAK bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptibo at korelasyonal. Nilahukan ito ng siyamnapu't pitong (97) mag-aaral mula sa Paaralang Elementarya ng Pinagbayanan bilang mga tagatugon. Gumamit ng talatanungang binuo ng mananaliksik sa pagkalap ng datos. Ang mga datos na nakalap ay sinuri gamit ang weighted mean, Pearson product-moment correlation, at paired sample t-test upang matukoy ang antas, kaugnayan, at epekto ng mga baryabol na kabilang sa pag-aaral.

## 3. Resulta at Talakayan

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga resulta ng pag-aaral at ang pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos batay sa mga suliraning inilahad sa Kabanata 1. Ang mga kinalabasan ay sinusuportahan ng mga angkop na talahanayan at tinatalakay ang makabuluhang kaugnayan at epekto ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo at pagganap ng mga mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

### Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ay tumutukoy sa Inaasahang Kaalaman, Mga gabay na tanong, Pagsasanay, Repleksyon, Gamit, at Katumpakan.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Bilang panimula sa pagsusuri ng mga resulta, inilalahad muna ang deskriptibong estadistika hinggil sa antas ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo batay sa iba't ibang bahagi nito. Ang bahaging ito ay nakatuon sa pagsusuri ng pananaw ng mga mag-aaral sa bawat sangkap ng PILAK bilang batayan sa pagtukoy ng kabuuang bisa at kaangkupan nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Makikita sa Talahanayan 1 ang antas ng paggamit ng PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ayon sa Inaasahang Kaalaman, batay sa pananaw ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 1.**

*Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi Ayon sa Inaasahang Kaalaman*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan agad ang layunin ng aralin gamit ang PILAK na kagamitan.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitutugma ang mga layunin ng aralin sa aktwal na gawain sa PILAK.* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapalinaw sa dapat matutuhan ng layunin ng bawat bahagi ng aralin sa PILAK.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang layunin ng PILAK upang mapahusay ang pagsasalita at pakikinig.* | 4.88 | 0.33 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ang malinaw na layunin ng aralin upang makilahok nang mas aktibo sa mga gawain.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.85 | | |
| *SD* | 0.34 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap-tanggap | | |

Pinakamataas sa mga naitalang pahayag ang "Nagpapalinaw sa dapat matutuhan ng layunin ng bawat bahagi ng aralin sa PILAK", na nagtamo ng mean na 4.89 at standard deviation na 0.32, na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malinaw na naipababatid ng PILAK ang mga layunin ng bawat aralin, na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan kung ano ang inaasahang kanilang matutuhan. Sinundan ito ng pahayag na "Nakatutulong ang layunin ng PILAK upang mapahusay ang pagsasalita at pakikinig" na may mean na 4.88 at SD na 0.33, gayundin ng "Nagbibigay ang malinaw na layunin ng aralin upang makilahok nang mas aktibo sa mga gawain" na may mean na 4.87 at SD na 0.34, na kapwa nagpapakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon at nagpapahiwatig ng positibong impluwensya ng malinaw na layunin sa aktibong partisipasyon at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Samantala, ang pahayag na "Nauunawaan agad ang layunin ng aralin gamit ang PILAK na kagamitan" ay nakapagtala ng mean na 4.84 at SD na 0.37, na nangangahulugang agad na nauunawaan ng mga mag-aaral ang direksiyon ng aralin sa tulong ng PILAK. Ang may pinakamababang mean naman ay ang "Naitutugma ang mga layunin ng aralin sa aktwal na gawain sa PILAK", na may mean na 4.76 at SD na 0.43, bagama't nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na bagama't mataas ang pagtanggap ng mga mag-aaral, may bahagyang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa ganap na ugnayan ng mga layunin at aktwal na gawain.

Sa kabuuan, nakamit ang weighted mean na 4.85 at standard deviation na 0.34, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ang mataas na kabuuang mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon at nagpapatunay na ang PILAK ay mabisang kagamitang panturo pagdating sa pagpapalinaw ng inaasahang kaalaman at layunin ng aralin.

**Talahanayan 2.**

*Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi Ayon sa Mga Gabay na Tanong*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nagpapaisip nang mas malalim ang mga tanong sa PILAK.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga gabay na tanong sa karanasan at opinyon.* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga tanong upang mapahusay ang pagsagot nang pasalita.* | 4.94 | 0.24 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ang mga tanong sa PILAK sa pamamagitan ng mas malinaw na pagpapaliwanag ng konsepto.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ng mga tanong sa PILAK ang kasanayan sa pakikinig at pagbibigay ng sariling ideya.* | 4.82 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.80 | | |
| *SD* | 0.37 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap-tanggap | | |

Makikita sa Talahanayan 2 ang antas ng paggamit ng PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ayon sa Mga Gabay na Tanong, batay sa pananaw ng mga mag-aaral.

Pinakamataas sa mga pahayag ang "Nakatutulong ang mga tanong upang mapahusay ang pagsagot nang pasalita" na nagtamo ng mean na 4.94 at standard deviation na 0.24, na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga gabay na tanong sa PILAK ay lubhang epektibo sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang ideya nang pasalita, na isang mahalagang sangkap ng kakayahang komunikatibo. Sinundan ito ng pahayag na "Nauunawaan ang mga tanong sa PILAK sa pamamagitan ng mas malinaw na pagpapaliwanag ng konsepto" na may mean na 4.84 at SD na 0.37, na nagpapakita na malinaw at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga tanong na inilahad sa kagamitang panturo.

Sumunod naman ang pahayag na "Napauunlad ng mga tanong sa PILAK ang kasanayan sa pakikinig at pagbibigay ng sariling ideya" na may mean na 4.82 at SD na 0.38, na nagpapahiwatig na ang mga gabay na tanong ay hindi lamang tumutulong sa pagsasalita kundi pati sa aktibong pakikinig at pagbuo ng sariling pananaw. Ang "Naiuugnay ang mga gabay na tanong sa karanasan at opinyon" ay nagtamo ng mean na 4.76 at SD na 0.43, na nagpapakita na nagiging makahulugan ang mga tanong dahil naiuugnay ito ng mga mag-aaral sa kanilang personal na karanasan. Samantala, ang may pinakamababang mean ay ang "Nagpapaisip nang mas malalim ang mga tanong sa PILAK" na may mean na 4.62 at SD na 0.49; bagama't ito ang pinakamababa sa hanay ng mga pahayag, nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapakita na epektibo pa rin ang mga tanong sa pagpapasigla ng mas malalim na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, nakamit ng bahaging Mga Gabay na Tanong ang weighted mean na 4.80 at standard deviation na 0.37, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ang mataas na kabuuang mean at relatibong mababang standard deviation ay nagpapahiwatig ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa bisa ng mga gabay na tanong sa PILAK bilang pantulong sa pagkatuto. Ipinapakita nito na kapag ang mga tanong ay nakalapat sa kultura at karanasan ng mga bata, mas nagiging likas at makabuluhan ang kanilang pakikibahagi sa klase. Ang ganitong mataas na antas ng pagtanggap ay nagpapatunay na ang PILAK ay epektibong suplementaryong kagamitan na tumutugon sa aktwal na pangangailangang pangwika ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ipinakikita ng relatibong mabababang halaga ng standard deviation sa lahat ng pahayag na may pagkakapare-pareho ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa bisa ng mga gabay na tanong sa PILAK. Ipinahihiwatig nito na ang positibong pagtanggap sa mga tanong ay hindi nagmumula lamang sa iilang mag-aaral kundi karaniwang nararanasan ng buong pangkat. Sa ganitong konteksto, lalong pinagtitibay na ang maayos na pagkakabuo ng mga gabay na tanong ay isang mahalagang sangkap sa disenyo ng kagamitang panturo, sapagkat nagsisilbi itong tulay sa pagitan ng dating kaalaman ng mga mag-aaral at ng mga bagong konseptong kanilang natututunan.

Makikita sa Talahanayan 3 ang antas ng paggamit ng PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa

Bahagi ayon sa Pagsasanay, batay sa pananaw ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3.**

*Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi Ayon sa Pagsasanay*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakatutuwang sagutan ang mga pagsasanay sa PILAK.* | 4.88 | 0.33 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalawak ang kasanayan sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng mga pagsasanay.* | 4.78 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang pagsasanay upang mailapat ko ang aking mga natutuhan.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaakma ang mga pagsasanay sa antas bilang mag-aaral sa Baitang 4.* | 4.77 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ng mga gawain sa pagsasanay ang pagsasalita at pakikinig.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.84 | | |
| *SD* | 0.35 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap-tanggap | | |

Pinakamataas sa mga pahayag ang "Napauunlad ng mga gawain sa pagsasanay ang pagsasalita at pakikinig", na nakapagtala ng mean na 4.89 at standard deviation na 0.32, na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawain sa pagsasanay sa PILAK ay lubhang epektibo sa pagpapaunlad ng mahahalagang kasanayang komunikatibo, partikular sa pagsasalita at pakikinig. Sinundan ito ng pahayag na "Nakatutuwang sagutan ang mga pagsasanay sa PILAK" na may mean na 4.88 at SD na 0.33, na nagpapakitang kaaya-aya at nakapupukaw ng interes ang mga gawain, kaya't mas nagiging aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral. Kaakibat nito ang pahayag na "Nakatutulong ang pagsasanay upang mailapat ko ang aking mga natutuhan" na nagtamo ng mean na 4.87 at SD na 0.34, na nagpapahiwatig na nagiging makabuluhan ang pagkatuto dahil may malinaw na aplikasyon ang mga aralin.

Sumunod naman ang pahayag na "Napalalawak ang kasanayan sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng mga pagsasanay" na may mean na 4.78 at SD na 0.41, na nagpapakita na ang mga gawaing ibinibigay ay nakatutulong sa mas malawak na paglinang ng kakayahang makipagkomunikasyon ng mga mag-aaral. Samantala, ang may pinakamababang mean ay ang "Naaakma ang mga pagsasanay sa antas bilang mag-aaral sa Baitang 4" na may mean na 4.77 at SD na 0.42. Bagama't ito ang pinakamababa sa hanay ng mga pahayag, nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang mga pagsasanay ay karaniwang itinuturing na angkop sa antas ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, nakamit ng bahaging Pagsasanay ang weighted mean na 4.84 at standard deviation na 0.35, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ang mataas na kabuuang mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng positibo at magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon hinggil sa bisa at kaangkupan ng mga gawaing pansanay sa PILAK.

Makikita sa Talahanayan 4 ang antas ng paggamit ng PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ayon sa Repleksyon, batay sa pananaw ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4.**

*Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi Ayon sa Repleksyon*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakatutulong ang bahagi ng repleksyon upang mas maunawaan ang natutuhan.* | 4.90 | 0.31 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan sa aralin.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisusulat o nasasabi nang mas malinaw ang damdamin at pananaw.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang repleksyon sa pang-araw-araw na karanasan.* | 4.81 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalalim ng replektibong bahagi ng PILAK ang kasanayan sa komunikasyon.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.85 | | |
| *SD* | 0.33 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap-tanggap | | |

Pinakamataas sa mga pahayag ang "Nakatutulong ang bahagi ng repleksyon upang mas maunawaan a ng natutuhan" na nagtala ng mean na 4.90 at standard deviation na 0.31, na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang bahaging repleksyon sa PILAK ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral upang mas mapagtibay ang kanilang pag-unawa sa mga araling tinalakay. Sinundan ito ng pahayag na "Nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan sa aralin" na may mean na 4.87 at SD na 0.34, na nagpapakita na ang repleksyon ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-uugnay ng mga konsepto sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral.

Kasunod nito ang dalawang pahayag na "Naisusulat o nasasabi nang mas malinaw ang damdamin at pananaw" at "Napalalalim ng replektibong bahagi ng PILAK ang kasanayan sa komunikasyon", na kapwa may mean na 4.85 at SD na 0.36. Ipinapakita ng mga resultang ito na ang mga gawaing replektibo ay hindi lamang nakatuon sa pag-unawa kundi nakatutulong din sa malinaw na pagpapahayag ng saloobin at sa pagpapaunlad ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Samantala, ang may pinakamababang mean ay ang "Naiaangkop ang repleksyon sa pang-araw-araw na karanasan" na may mean na 4.81 at SD na 0.39. Bagama't ito ang pinakamababa sa hanay ng mga pahayag, nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapakita

na ang repleksyon ay karaniwang nakikita ng mga mag-aaral bilang kaugnay sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Sa kabuuan, nakamit ng bahaging Repleksyon ang weighted mean na 4.85 at standard deviation na 0.33, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ang mataas na kabuuang mean at mababang standard deviation ay nagpapahiwatig ng magkakatulad at positibong pananaw ng mga tagatugon hinggil sa bisa ng bahaging repleksyon sa PILAK bilang pantulong sa pagkatuto. Ipinapakita nito na ang bahaging repleksyon ay nagbibigay ng ligtas na espasyo para sa mga mag-aaral na suriin at ipahayag ang kanilang saloobin.

Makikita sa Talahanayan 5 ang antas ng paggamit ng PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ayon sa Gamit, batay sa pananaw ng mga mag-aaral

**Talahanayan 5.**

*Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi Ayon sa Gamit*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nagagamit nang madali ang mga kagamitan sa PILAK.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang visual at audio na kagamitan sa pag-unawa sa leksyon.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaaliw at interesante gamitin ang mga kagamitan sa aralin.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaangkop ang mga gamit sa edad at antas.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga kagamitan upang mapahusay ang pakikinig at pagsasalita.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.82 | | |
| *SD* | 0.36 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap-tanggap | | |

.

Pinakamataas sa mga pahayag ang “Nagagamit nang madali ang mga kagamitan sa PILAK”, “Nakaaaliw at interesante gamitin ang mga kagamitan sa aralin”, at “Nagagamit ang mga kagamitan upang mapahusay ang pakikinig at pagsasalita”, na kapwa nagtamo ng mean na 4.84 at standard deviation na 0.37, na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga kagamitang kalakip ng PILAK ay madaling gamitin, kaaya-aya sa mga mag-aaral.

Sumunod dito ang pahayag na “Naaangkop ang mga gamit sa edad at antas” na may mean na 4.80 at SD na 0.40, na nagpapakita na ang mga kagamitang ginamit sa PILAK ay akma sa antas at kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 4. Samantala, ang may pinakamababang mean ay ang “Nakatutulong ang visual at audio na kagamitan sa pag-unawa sa leksyon” na may mean na 4.79 at SD na 0.41. Bagama’t ito ang pinakamababa sa hanay ng mga pahayag, nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na patuloy na kinikilala ng mga mag-aaral ang ambag ng biswal at awditoryal na kagamitan sa kanilang pag-unawa sa leksyon.

Sa kabuuan, nakamit ng bahaging Gamit ang weighted mean na 4.82 at standard deviation na 0.36, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ang mataas na kabuuang mean at relatibong mababang standard deviation ay nagpapakita ng positibo at magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon hinggil sa bisa, kaangkupan, at praktikalidad ng mga kagamitang ginamit sa PILAK.

**Talahanayan 6.**

*Antas ng Paggamit ng Pilak Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Bahagi Ayon sa Katumpakan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naaangkop at wasto ang mga impormasyon sa PILAK na kagamitan.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaayos nang malinaw at maayos ang pagkakasulat ng mga tanong at gawain.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusunod ng PILAK ang pamantayan ng wastong gramatika at baybay.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon ang mga nilalaman sa kasalukuyang kurikulum.* | 4.84 | 0.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang katumpakan ng impormasyon upang maging mas mahusay na tagapagsalita at tagapakinig.* | 4.90 | 0.31 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.84 | | |
| *SD* | 0.35 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap-tanggap | | |

Makikita sa Talahanayan 6 ang antas ng paggamit ng PILAK: Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa Bahagi ayon sa Katumpakan, batay sa pananaw ng mga mag-aaral.

Pinakamataas sa mga pahayag ang “Nakatutulong ang katumpakan ng impormasyon upang maging mas mahusay na tagapagsalita at tagapakinig”, na nagtamo ng mean na 4.90 at standard deviation na 0.31, na may berbal na interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang wastong at eksaktong impormasyong nakapaloob sa PILAK ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsasalita at pakikinig. Sinundan ito ng dalawang pahayag na “Naaangkop at wasto ang mga impormasyon sa PILAK na kagamitan” at “Naaayon ang mga nilalaman sa kasalukuyang kurikulum”, na kapwa may mean na 4.84 at SD na 0.37, na nagpapakita na ang mga nilalaman ng PILAK ay kinikilalang tama, akma, at nakaayon sa mga pamantayang itinakda ng kurikulum.

Kasunod nito ang mga pahayag na “Nakaayos nang malinaw at maayos ang pagkakasulat ng mga tanong at gawain” at “Nasusunod ng PILAK ang pamantayan ng wastong gramatika at baybay”, na kapwa nagtala ng mean na 4.80 at SD na 0.40. Bagama’t mas mababa ang mean kumpara sa iba pang pahayag, nananatili pa rin ang interpretasyong Lubos na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na malinaw, organisado, at sumusunod sa wastong gamit ng wika ang mga tanong at gawaing nakapaloob sa kagamitang panturo.

Sa kabuuan, nakamit ng bahaging Katumpakan ang weighted mean na 4.84 at standard deviation na 0.35, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ang mataas na kabuuang mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng positibo at magkakatulad na pananaw ng mga tagatugon hinggil sa pagiging tama, malinaw, at mapagkakatiwalaan ng mga nilalaman ng PILAK bilang kagamitang panturo. Ipinahihiwatig ng mataas na antas ng pagtanggap na ito na kapag ang suplementaryong kagamitan ay nagtataglay ng mataas na antas ng katumpakan sa nilalaman, mas nagiging epektibo ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng wika. Pinatutunayan nito na ang PILAK ay tumutugon sa pangangailangan para sa isang de-kalidad at tumpak na materyal na kayang umakay sa mga mag-aaral tungo sa mas mataas na antas ng pagkatuto.

**Antas ng Paggamit ng PILAK Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Katangian**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng PILAK bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo batay sa katangian ay tumutukoy sa Kaangkupan**,** at Disenyo.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Ipinakikita sa Talahanayan 7 ang antas ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo batay sa katangian ayon sa kaangkupan.

**Talahanayan 7.**

*Antas ng Paggamit ng PILAK Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Katangian Ayon sa Kaangkupan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakaangkop ang materyal bilang suplementaryong kagamitan sa antas ng mga mag-aaral.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaayon ang kabuuan ng materyal sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutugunan ng mga gawain sa loob ng materyal ang pangangailang ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaakma sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pagpapaunlad ng pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.87 | | |
| *SD* | 0.32 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Katanggap- tanggap | | |

Batay sa mga resulta, pinakamataas na mean na (M = 4.89, SD = 0.32) ang naitala sa dalawang pahayag: "Nakaayon ang kabuuan ng materyal sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral" at "Nakatutulong sa pagpapaunlad ng pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral." Ang parehong pahayag ay may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na malinaw na kinikilala ng mga tagatugon ang malaking ambag ng PILAK sa pagpapalakas ng iba't ibang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mababang standard deviation ay nagpapahiwatig ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa bisa at kaangkupan ng materyal sa paglinang ng kakayahang komunikatibo.

Sumunod dito ang pahayag na "Naaakma sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral" na may mean na (M = 4.87, SD = 0.34) at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita ng resultang ito na ang PILAK ay isinasaalang-alang ang kontekstong kultural at karanasan ng mga mag-aaral, isang mahalagang salik sa pagbuo ng makahulugan at kontekstuwalisadong pagkatuto.

Samantala, ang pinakamababang mean na (M = 4.85, SD = 0.36) ay nakuha ng mga pahayag na "Nakaangkop ang materyal bilang suplementaryong kagamitan sa antas ng mga mag-aaral" at "Natutugunan ng mga gawain sa loob ng materyal ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa." Bagama't bahagyang mas mababa kumpara sa iba pang pahayag, ang mga markang ito ay nananatili pa ring may interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na ang PILAK ay epektibong iniangkop sa antas at pangangailangang akademiko ng mga mag-aaral, lalo na sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

Sa kabuuan, nakamit ng PILAK ang weighted mean na 4.87 na may standard deviation na 0.32, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ipinahihiwatig nito na ang PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo ay lubos na kaangkop sa antas, kakayahan, at kontekstong ginagalawan ng mga mag-aaral. Ang mababang antas ng standard deviation ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkakaisa ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa kaangkupan ng materyal.

**Talahanayan 8.**

*Antas ng Paggamit ng PILAK Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo Batay sa Katangian Ayon sa Disenyo*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakalahad nang maayos at malinaw na presentasyon ang kabuuan ng material* | 4.81 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapupukaw ng interes ang pagkakabuo ng disenyo* | 4.78 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang angkop na paggamit ng larawan, letra, at kulay.* | 4.84 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong upang mapadali ang pag-unawa sa mga binasang alamat* | 4.90 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop sa antas ng kakayahan ng mga mambabasa.* | 4.85 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |

| | |
|---|---|
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.84<br>0.58<br>Lubhang Katanggap-tanggap |

Ipinakikita sa Talahanayan 8 ang antas ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo batay sa katangian ayon sa disenyo.

Batay sa mga resulta, ang pahayag na "Nakatutulong upang mapadali ang pag-unawa sa mga binasang alamat" ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na (M = 4.90, SD = 0.55) na may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang disenyo ng PILAK ay epektibong sumusuporta sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto, partikular sa mga alamat, sa pamamagitan ng malinaw na presentasyon at biswal na organisasyon ng nilalaman. Ang relatibong mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa aspektong ito.

Sumunod dito ang pahayag na "Naiaangkop sa antas ng kakayahan ng mga mambabasa" na may mean na (M = 4.85, SD = 0.58) at interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita ng resultang ito na ang disenyo ng materyal ay hindi lamang kaaya-aya sa paningin kundi isinasaalang-alang din ang kakayahan at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, isang mahalagang salik sa epektibong instructional material design.

Kasunod nito ang pahayag na "Naipakikita ang angkop na paggamit ng larawan, letra, at kulay" na nakakuha ng mean na (M = 4.84, SD = 0.59) at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga elementong biswal ng PILAK ay maayos na pinili at pinagsama-sama upang higit na maging malinaw, kaaya-aya, at madaling maintindihan ang nilalaman ng materyal.

Samantala, ang pahayag na "Nakalahad nang maayos at malinaw na presentasyon ang kabuuan ng materyal" ay nakapagtala ng mean na (M = 4.81, SD = 0.60), na may interpretasyong lubos na sumasang-ayon pa rin. Bagama't bahagyang mas mababa kumpara sa naunang mga pahayag, ipinakikita pa rin nito na positibong tinatanggap ng mga tagatugon ang kabuuang organisasyon at presentasyon ng PILAK bilang materyal na panturo.

Ang pinakamababang mean na (M = 4.78, SD = 0.62) ay naitala sa pahayag na "Nakapupukaw ng interes ang pagkakabuo ng disenyo." Gayunpaman, nananatili pa rin ang berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang disenyo ng PILAK ay may kakayahang humikayat at pumukaw ng interes ng mga mag-aaral, bagama't may bahagyang pagkakaiba-iba sa pananaw ng mga tagatugon kaugnay nito, gaya ng ipinahihiwatig ng mas mataas na standard deviation.

Sa kabuuan, ang antas ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo batay sa katangian ayon sa disenyo ay nakamit ang weighted mean na 4.84 at standard deviation na 0.58, na may berbal na interpretasyong Lubhang Katanggap-tanggap. Ipinahihiwatig nito na ang disenyo ng PILAK ay lubos na kaangkop at epektibo bilang suportang instructional material sa pagtuturo, lalo na sa pagpapaunlad ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa binabasang panitikan. Ang mataas na pagkilalang ito ay nagpapatunay na ang estratehikong paglalapat ng mga larawan, kulay, at angkop na tipograpiya ay hindi lamang palamuti, kundi nagsisilbing *visual scaffolding* na nagpapagaan sa pag-unawa ng mga lokal na teksto tulad ng alamat.

**Antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo batay sa katangian ay tumutukoy sa Kakayahang Pakikinig, Kakayahang Pagsasalita, Kakayahang Pagbasa, at Kakayahang Pagsulat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Talahanayan 9.**

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo Ayon sa Kakayahang Pakikinig*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang mga ideya na naririnig sa pamamagitan ng mga gawain sa PILAK.* | 4.93 | 0.26 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakukuha ng mahahalagang impormasyon mula sa mga audio o usapan na bahagi ng aralin.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikinig nang mas maingat dahil sa mga aktibidad sa PILAK.* | 4.88 | 0.33 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natututuhan tukuyin ang layunin ng kausap sa pamamagitan ng kanyang sinasabi.* | 4.82 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang PILAK upang mapabuti ang kasanayan sa pakikinig nang may pag-unawa.* | 4.82 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.83<br>0.35<br>Lubhang Mabisa | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 9 ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang pakikinig.

Batay sa mga resulta, ang pahayag na "Nauunawaan ang mga ideya na naririnig sa pamamagitan ng mga gawain sa PILAK" ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na (M = 4.93, SD = 0.26) na may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawain sa PILAK ay lubos na epektibo sa pagtulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga ideyang kanilang naririnig, na mahalagang kasanayan sa pakikinig na may pag-unawa. Ang napakababang standard deviation ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa aspektong ito.

Sumunod dito ang pahayag na "Nakikinig nang mas maingat dahil sa mga aktibidad sa PILAK" na may mean na (M

= 4.88, SD = 0.33) at interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita ng resultang ito na ang PILAK ay epektibong humihikayat ng aktibong at mas maingat na pakikinig, na isang mahalagang sangkap ng epektibong komunikasyon at pagkatuto.

Kasunod naman ang dalawang pahayag na "Natututuhan tukuyin ang layunin ng kausap sa pamamagitan ng kanyang sinasabi" at "Nakatutulong ang PILAK upang mapabuti ang kasanayan sa pakikinig nang may pag-unawa" na kapwa nakapagtala ng mean na (M = 4.82, SD = 0.38) at may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang PILAK ay hindi lamang nakatuon sa literal na pag-unawa sa pinapakinggan kundi pati sa mas mataas na antas ng pakikinig, gaya ng pag-unawa sa layunin at mensahe ng nagsasalita. Samantala, ang pinakamababang mean na (M = 4.68, SD = 0.47) ay naitala sa pahayag na "Nakakukuha ng mahahalagang impormasyon mula sa mga audio o usapan na bahagi ng aralin." Gayunpaman, nananatili pa rin ang berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na epektibo pa rin ang PILAK sa pagtulong sa mga mag-aaral na makuha ang mahahalagang detalye mula sa mga pinapakinggang teksto, bagama't may bahagyang pagkakaiba-iba sa pananaw ng mga tagatugon, gaya ng ipinahihiwatig ng mas mataas na standard deviation.

Sa kabuuan, ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ayon sa kakayahang pakikinig ay nakapagtala ng weighted mean na 4.83 at standard deviation na 0.35, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig nito na ang PILAK bilang kagamitang panturo ay lubos na epektibo sa pagpapahusay ng kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 10.**

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo Ayon sa Kakayahang Pagsasalita*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakatutulong ang PILAK upang magkaroon ng tiwala sa pagsasalita sa harap ng klase.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad ang mga opinyon at saloobin nang maayos gamit ang mga gawain sa PILAK.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahatid ang mensahe sa paraang nauunawaan ng kausap.* | 4.77 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang mga ideya gamit ang tamang salita at kaayusan.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalilinaw ang pagbigkas at pananalita dahil sa pagsasanay sa PILAK.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.82 | | |
| *SD* | 0.36 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 10 ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang pagsasalita sa pamamagitan ng paggamit ng PILAK.

Batay sa mga resulta, pinakamataas na mean na (M = 4.89, SD = 0.32) ang naitala sa dalawang pahayag: "Nakatutulong ang PILAK upang magkaroon ng tiwala sa pagsasalita sa harap ng klase" at "Napalilinaw ang pagbigkas at pananalita dahil sa pagsasanay sa PILAK." Ang mga pahayag na ito ay may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na malaki ang naitutulong ng PILAK sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita at sa pagpapabuti ng kanilang pagbigkas at kalinawan ng pananalita. Ang mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa positibong epekto ng PILAK sa aspetong ito ng kasanayan sa pagsasalita.

Sumunod dito ang pahayag na "Naipahahayag ang mga ideya gamit ang tamang salita at kaayusan" na may mean na (M = 4.80, SD = 0.40) at interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawain sa PILAK ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral upang maipahayag ang kanilang mga ideya sa organisado at angkop na paraan, isang mahalagang sangkap ng malinaw at epektibong komunikasyon pasalita.

Kasunod naman ang pahayag na "Naihahatid ang mensahe sa paraang nauunawaan ng kausap" na nagtala ng mean na (M = 4.77, SD = 0.42) at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita ng resultang ito na ang PILAK ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maging mas malinaw at epektibo sa paghahatid ng mensahe sa kausap, na nagpapakita ng pag-unlad sa functional at komunikatibong aspeto ng pagsasalita.

Ang pinakamababang mean na (M = 4.74, SD = 0.44) ay naitala sa pahayag na "Nailalahad ang mga opinyon at saloobin nang maayos gamit ang mga gawain sa PILAK." Bagama't bahagyang mas mababa kumpara sa iba pang pahayag, nananatili pa rin ang interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na epektibo pa rin ang PILAK sa pagtulong sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang opinyon at damdamin, bagama't may kaunting pagkakaiba-iba sa antas ng karanasan ng mga tagatugon sa aspektong ito.

Sa kabuuan, ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ayon sa kakayahang pagsasalita ay nakamit ang weighted mean na 4.82 at standard deviation na 0.36, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig nito na ang PILAK bilang kagamitang panturo ay lubos na epektibo sa pagpapabuti ng iba't ibang aspekto ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral, kabilang ang kumpiyansa, kalinawan ng pagbigkas, organisasyon ng ideya, at mabisang paghahatid ng mensahe.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 11.**
*Antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo Ayon sa Kakayahang Pagbasa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nababasa nang may pag-unawa ang mga kwento at talata sa PILAK.* | 4.95 | 0.22 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang binasang teksto sa sariling karanasan.* | 4.73 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga babasahin sa PILAK upang mapalawak ang bokabularyo.* | 4.82 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang pangunahing ideya at mahahalagang detalye sa binabasa.* | 4.89 | 0.32 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napabibilis at mas nagiging epektibo ang mga pagsasanay sa PILAK.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.85 | | |
| *SD* | 0.34 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 11 ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang pagbasa sa pamamagitan ng paggamit ng PILAK, batay sa mga pahayag, mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon mula sa mga tagatugon.

Batay sa mga resulta, ang pahayag na “Nababasa nang may pag-unawa ang mga kuwento at talata sa PILAK” ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na (M = 4.95, SD = 0.22) na may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga babasahing nakapaloob sa PILAK ay lubos na epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral. Ang napakababang standard deviation ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa bisa ng PILAK sa aspektong ito ng kasanayan sa pagbasa.

Sumunod dito ang pahayag na “Natutukoy ang pangunahing ideya at mahahalagang detalye sa binabasa” na may mean na (M = 4.89, SD = 0.32) at interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita ng resultang ito na ang PILAK ay epektibong nakatutulong sa paglinang ng mga kritikal na kasanayan sa pagbasa, partikular sa pagtukoy ng sentral na ideya at mahahalagang detalye ng teksto.

Kasunod naman ang pahayag na “Napabibilis at mas nagiging epektibo ang mga pagsasanay sa PILAK” na nagtala ng mean na (M = 4.85, SD = 0.36) at may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang estruktura at disenyo ng mga gawain sa PILAK ay nakatutulong hindi lamang sa pag-unawa kundi pati sa kahusayan at bilis ng pagbabasa ng mga mag-aaral.

Samantala, ang pahayag na “Nakatutulong ang mga babasahin sa PILAK upang mapalawak ang bokabularyo” ay nakapagtala ng mean na (M = 4.82, SD = 0.38) at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita nito na ang mga tekstong ginamit sa PILAK ay mayaman sa wika at nakapag-aambag sa pagdaragdag ng talasalitaan ng mga mag-aaral, na mahalagang bahagi ng mas mataas na antas ng pag-unawang bumabasa.

Ang pinakamababang mean na (M = 4.73, SD = 0.45) ay naitala sa pahayag na “Naiuugnay ang binasang teksto sa sariling karanasan.” Gayunpaman, nananatili pa rin ang berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na epektibo pa rin ang PILAK sa pagtulong sa mga mag-aaral na iugnay ang binabasang teksto sa kanilang personal na karanasan, bagama’t may bahagyang pagkakaiba-iba sa lalim ng karanasang ito batay sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ayon sa kakayahang pagbasa ay nakamit ang weighted mean na 4.85 at standard deviation na 0.34, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig nito na ang PILAK bilang kagamitang panturo ay lubos na epektibo sa pagpapabuti ng iba’t ibang kasanayan sa pagbasa, kabilang ang pag-unawa, pagtukoy ng ideya at detalye, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagbabasa nang may kahusayan.

**Talahanayan 12.**
*Antas ng Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo Ayon sa Kakayahang Pagsulat*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naitatala nang maayos ang mga sagot at ideya sa mga pagsasanay sa PILAK.* | 4.92 | 0.28 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutuhang gumamit ng mas tamang gramatika, baybay, at bantas.* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang PILAK upang malinang ang kakayahang magsulat ng talata.* | 4.86 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad ang saloobin at karanasan sa pamamagitan ng sulatin.* | 4.82 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ng tiwala sa kakayahan ang mga pagsasanay sa pagsulat sa PILAK.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.85 | | |
| *SD* | 0.34 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 12 ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang pagsulat sa pamamagitan ng paggamit ng PILAK.

Batay sa mga resulta, ang pahayag na “Naitatala nang maayos ang mga sagot at ideya sa mga pagsasanay sa PILAK” ang nakapagtala ng pinakamataas na mean na (M = 4.92, SD = 0.28) na may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawain sa PILAK ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral upang maayos at malinaw na maitala ang kanilang mga ideya at sagot sa pagsulat. Ang mababang standard deviation ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa aspektong ito.

Sumunod dito ang pahayag na “Nagbibigay ng tiwala sa kakayahan ang mga pagsasanay sa pagsulat sa PILAK” na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

may mean na (M = 4.87, SD = 0.34) at interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita ng resultang ito na ang PILAK ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang magsulat, na isang mahalagang salik sa patuloy na paglinang ng kasanayang ito.

Kasunod naman ang pahayag na "Nakatutulong ang PILAK upang malinang ang kakayahang magsulat ng talata" na nakapagtala ng mean na (M = 4.86, SD = 0.35) at may interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang PILAK ay epektibong sumusuporta sa pagbuo ng organisado at magkakaugnay na talata, na pundasyon ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat.

Ang pahayag na "Nailalahad ang saloobin at karanasan sa pamamagitan ng sulatin" ay nakakuha ng mean na (M = 4.82, SD = 0.38) at interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita nito na ang PILAK ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang personal na karanasan at damdamin sa paraang pasulat, na mahalaga sa pagpapalalim ng makabuluhang komunikasyon.

Samantala, ang pinakamababang mean na (M = 4.76, SD = 0.43) ay naitala sa pahayag na "Natutuhang gumamit ng mas tamang gramatika, baybay, at bantas." Gayunpaman, nananatili pa rin ang berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na epektibo pa rin ang PILAK sa pagtulong sa mga mag-aaral na mapahusay ang teknikal na aspekto ng pagsulat, bagama't may bahagyang pagkakaiba-iba sa antas ng pagkatuto ng mga tagatugon sa bahaging ito.

Sa kabuuan, ang antas ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ayon sa kakayahang pagsulat ay nakamit ang weighted mean na 4.85 at standard deviation na 0.34, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig nito na ang PILAK bilang kagamitang panturo ay lubos na epektibo sa pagpapahusay ng iba't ibang aspekto ng kasanayan sa pagsulat, kabilang ang organisasyon ng ideya, kumpiyansa sa sarili, pagbuo ng talata, at wastong paggamit ng wika.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang puntos, *frequency, percentage,* at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon.

Ipinakikita sa Talahanayan 13 ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa resulta ng isinagawang pagsusulit.

Batay sa mga resulta, pinakamataas na bahagdan ng mga mag-aaral ay kabilang sa kategoryang Very Satisfactory (31–40) na may bilang na apatnapu't tatlo (43) o 44.33% ng kabuuang siyamnapu't pitong (97) tagatugon. Ipinahihiwatig nito na halos kalahati ng mga mag-aaral ay nakakuha ng mataas na marka na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa at sapat na kasanayan sa mga araling sinukat ng pagsusulit.

**Talahanayan 13.**
*Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit*

| Raw Score | Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | f | % | |
| 41-50 | 26 | 26.80 | Outstanding |
| 31-40 | 43 | 44.33 | Very Satisfactory |
| 21-30 | 18 | 18.56 | Satisfactory |
| 11 -20 | 10 | 10.31 | Fairly Satisfactory |
| 1-10 | 0 | 0 | Did Not Meet Expectation |
| Total | 97 | *100* | |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | *34.42*<br>*8.65*<br>*Very Satisfactory* | | |

Sumunod dito ang kategoryang Outstanding (41–50) na may dalawampu't anim (26) o 26.80% ng mga mag-aaral. Ang malaking bahagdan ng mga mag-aaral na nakapaloob sa pinakamataas na antas ng pagganap ay nagpapakita na ang pagsusulit ay matagumpay na naipasa ng maraming mag-aaral sa antas na nagpapakita ng mahusay at higit na pagkatuto.

Samantala, labing-walo (18) o 18.56% ng mga mag-aaral ang kabilang sa kategoryang Satisfactory (21–30). Ipinakikita nito na ang bahaging ito ng mga mag-aaral ay nakamit ang inaasahang pamantayan ng pagganap, bagama't may puwang pa para sa higit na paglinang at pagpapahusay ng kanilang kaalaman at kasanayan.

Samantala, ang pinakamababang bahagdan ay naitala sa kategoryang Fairly Satisfactory (11–20) na may sampu (10) o 10.31% ng mga mag-aaral. Kapansin-pansin na walang mag-aaral ang nakakuha ng markang Did Not Meet Expectation (1–10), na nagpapahiwatig na lahat ng mga mag-aaral ay kahit papaano ay nakatamo ng katanggap-tanggap na antas ng pagganap sa pagsusulit.

Sa kabuuan, ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay nakapagtala ng weighted mean na 34.42 at standard deviation na 8.65, na may berbal na interpretasyong Very Satisfactory. Ang halagang ito ay nagpapakita na sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral ay nakapamalas ng mataas na antas ng pagkatuto at pag-unawa sa mga araling saklaw ng pagsusulit. Ang standard deviation naman ay nagpapahiwatig ng katamtamang pagkakaiba-iba ng mga marka, na normal sa isang heterohenong pangkat ng mga mag-aaral.

Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig ng positibong epekto ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mataas na konsentrasyon ng mga marka sa antas na Very Satisfactory at Outstanding ay nagpapakita na ang mga gawaing nakapaloob sa PILAK ay mabisang nakatulong sa pagkatuto at paghahanda ng mga mag-aaral para sa pagsusulit. Gayunpaman, ang presensya ng ilang mag-aaral sa Fairly Satisfactory na antas ay nagpapahiwatig pa rin ng pangangailangang ipagpatuloy at higit pang pagyamanin ang mga estratehiyang panturo upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Paggamit ng PILAK Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa paggamit ng PILAK bilang suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo ng mga mag-aaral ayon sa Kakayahang Pakikinig, Kakayahang Pagsasalita, Kakayahang Pagbasa**,** at Kakayahang Pagsulat, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Ipinakikita sa Talahanayan 14 ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo at ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa apat na makrong kasanayan: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

Batay sa mga resulta, walang natamong makabuluhang ugnayan ang Inaasahang Kaalaman sa lahat ng aspeto ng kakayahang komunikatibo: pakikinig (r = 0.345, p = .194), pagsasalita (r = 0.388, p = .086), pagbasa (r = 0.279, p = .500), at pagsulat (r = 0.342, p = .463). Ipinahihiwatig nito na bagama't may positibong ugnayan ang inaasahang kaalaman sa mga kasanayang ito, hindi sapat ang ebidensiya upang maituturing itong estadistikang makabuluhan sa itinakdang antas ng kabuluhan (α = .05

**Talahanayan 14.**
*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng PILAK Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral*

| Paggamit ng PILAK | | Kakayahang Pakikinig | Kakayahang Pagsasalita | Kakayahang Pagbasa | Kakayahang Pagsulat |
|---|---|---|---|---|---|
| Inaasahang Kaalaman | Pearson Correlation | .345 | .388 | .279 | .342 |
| | Sig. (2-tailed) | .194 | .086 | .5 | .463 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Mga gabay na tanong | Pearson Correlation | .465 | .49 | .509** | .385** |
| | Sig. (2-tailed) | .056 | .142 | .003 | .014 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Pagsasanay | Pearson Correlation | .569 | .426 | .444 | .368 |
| | Sig. (2-tailed) | .326 | .194 | .303 | .359 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Repleksyon | Pearson Correlation | .477 | .482* | .54 | .519 |
| | Sig. (2-tailed) | .106 | .041 | .364 | .336 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Gamit | Pearson Correlation | .629 | .568 | .592 | .385 |
| | Sig. (2-tailed) | .36 | .413 | .079 | .16 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Katumpakan | Pearson Correlation | .546 | .544 | .564 | .536 |
| | Sig. (2-tailed) | .332 | .169 | .283 | .338 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Kaangkupan | Pearson Correlation | .68** | .505** | .511 | .539 |
| | Sig. (2-tailed) | .007 | .006 | .14 | .13 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |
| Disenyo | Pearson Correlation | .33** | .398** | .183* | .394* |
| | Sig. (2-tailed) | .004 | .000 | .04 | .027 |
| | N | 95 | 95 | 95 | 95 |

Sa kaso ng Mga Gabay na Tanong, natuklasan na may makabuluhang ugnayan ito sa kakayahang pagbasa (r = 0.509, p = .003) at kakayahang pagsulat (r = 0.385, p = .014). Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kalidad at bisa ng mga gabay na tanong sa PILAK, tumataas din ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa at sa pagpapahayag ng ideya sa pamamagitan ng pagsulat. Gayunpaman, ang ugnayan nito sa kakayahang pakikinig (r = 0.465, p = .056) at pagsasalita (r = 0.490, p = .142) ay hindi natukoy na makabuluhan.

Samantala, ang Pagsasanay ay hindi nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa alinman sa apat na kasanayang komunikatibo: pakikinig (r = 0.569, p = .326), pagsasalita (r = 0.426, p = .194), pagbasa (r = 0.444, p = .303), at pagsulat (r =

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

0.368, p = .359). Katulad nito, ang Repleksyon ay nagpakita lamang ng makabuluhang ugnayan sa kakayahang pagsasalita (r = 0.482, p = .041), na nagpapahiwatig na ang mga gawaing replektibo sa PILAK ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsalita at magpahayag ng ideya. Gayunpaman, walang makabuluhang ugnayan ang repleksyon sa kakayahang pakikinig, pagbasa, at pagsulat.

Para naman sa Gamit at Katumpakan, bagama't parehong nagpakita ng katamtamang positibong ugnayan sa lahat ng aspeto ng kakayahang komunikatibo, walang isa man sa mga ugnayang ito ang estadistikang makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na ang mga aspektong ito ng PILAK, sa konteksto ng pag-aaral, ay hindi sapat na salik upang direktang maiugnay sa pag-unlad ng makrong kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang Kaangkupan ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa kakayahang pakikinig (r = 0.680, p = .007) at kakayahang pagsasalita (r = 0.505, p = .006). Ang mataas na r value sa kakayahang pakikinig ay nagpapakita ng malakas na ugnayan, na nangangahulugang habang mas nagiging angkop ang PILAK sa antas, kultura, at karanasan ng mga mag-aaral, mas nahuhubog ang kanilang kakayahan sa pakikinig at pagsasalita. Gayunpaman, walang makabuluhang ugnayan ang kaangkupan sa kakayahang pagbasa at pagsulat.

Higit na mahalaga, ang Disenyo ng PILAK ang nagpakita ng pinakamaraming makabuluhang ugnayan sa lahat ng makrong kasanayan: pakikinig (r = 0.330, p = .004), pagsasalita (r = 0.398, p < .001), pagbasa (r = 0.183, p = .040), at pagsulat (r = 0.394, p = .027). Ipinahihiwatig nito na ang maayos, kaaya-aya, at makabuluhang disenyo ng materyal—kabilang ang paggamit ng biswal, organisasyon ng nilalaman, at presentasyon—ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kabuuang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Mula sa akademikong pananaw, sinusuportahan ng mga natuklasan ang mga teorya sa multimedia learning at constructivist learning, na nagsasaad na ang kaangkupan at disenyo ng instructional materials ay kritikal sa pagbuo ng makabuluhang pagkatuto. Ipinakikita rin ng mga resulta na hindi lahat ng sangkap ng suplementaryong kagamitang panturo ay may pantay na impluwensiya sa lahat ng kasanayan, kundi ang epekto nito ay nakadepende sa uri ng kasanayang nalilinang.

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan 14 na ang paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo ay may bahagyang ngunit piling makabuluhang kaugnayan sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, lalo na sa mga aspektong kaangkupan at disenyo. Ang mga resultang ito ay nagbibigay ng empirical na batayan upang higit pang pagyamanin ang mga elementong ito ng PILAK bilang bahagi ng epektibong pagtuturo ng wika at komunikasyon.

**Pagsusuri ng Paghahambing sa Paggamit ng PILAK Bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong Kagamitang Panturo sa pagganap ng mga Mag-aaral batay sa pagsusulit.

Ipinakikita sa Talahanayan 15 ang resulta ng pagsusuri kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo sa pagganap ng mga mag-aaral, gamit ang t-test for dependent samples.

**Talahanayan 15.**
*Makabuluhang epekto ng paggamit ng PILAK bilang suplementaryong Kagamitang Panturo sa pagganap ng mga Mag-aaral*

| ***Paggamit ng PILAK bilang Suplementaryong Kagamitang Panturo*** | | ***Pagganap ng mga Mag-aaral*** |
|---|---|---|
| Inaasahang Kaalaman | t-test | 0.468 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.641 |
| | N | 97 |
| Mga gabay na tanong | t-test | -0.665 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.507 |
| | N | 97 |
| Pagsasanay | t-test | -1.808 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.074 |
| | N | 97 |
| Repleksyon | t-test | 0.734 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.465 |
| | N | 97 |
| Gamit | t-test | 0.135 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.893 |
| | N | 97 |
| Katumpakan | t-test | 0.121 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.904 |
| | N | 97 |
| Kaangkupan | t-test | 0.129 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.897 |
| | N | 97 |
| Disenyo | t-test | 0.486 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.628 |
| | N | 97 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa datos, walang isa mang baryabol ang nagpakita ng estadistikang makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang Inaasahang Kaalaman ay nagtala ng ($t = 0.468$, $p = .641$) na nagpapahiwatig na ang malinaw na paglalahad ng layunin ng aralin, bagama't mahalaga sa pag-unawa, ay hindi sapat upang magdulot ng tuwirang pagtaas sa marka sa pagsusulit. Katulad nito, ang Mga Gabay na Tanong ($t = –0.665$, $p = .507$) at Pagsasanay ($t = –1.808$, $p = .074$) ay hindi rin nagpakita ng makabuluhang epekto, bagama't ang p value ng pagsasanay ay malapit sa itinakdang antas ng kabuluhan.

Gayundin, ang mga baryabol na Repleksyon ($t = 0.734$, $p = .465$), Gamit ($t = 0.135$, $p = .893$), at Katumpakan ($t = 0.121$, $p = .904$) ay nagpakita rin ng di-makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na bagama't kinikilala ng mga mag-aaral ang mataas na bisa ng mga bahaging ito sa proseso ng pagkatuto, hindi ito awtomatikong naisasalin sa mataas na marka sa pagsusulit. Gayundin, maging ang Kaangkupan ($t = 0.129$, $p = .897$) at Disenyo ($t = 0.486$, $p = .628$)—na napatunayang may makabuluhang kaugnayan sa kakayahang komunikatibo—ay hindi nagpakita ng tuwirang epekto sa pagganap batay sa pagsusulit.

Sa kabuuan, ipinakikita ng Talahanayan 18 na di-makabuluhan ang epekto ng paggamit ng PILAK sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit, sa kabila ng mataas na antas ng bisa nito sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo. Ipinahihiwatig nito na ang komunikatibong kasanayan at akademikong pagganap batay sa pagsusulit ay hindi palaging magkatumbas at maaaring maimpluwensiyahan ng iba pang salik, gaya ng uri ng pagsusulit, antas ng kahandaan ng mag-aaral sa test-taking, oras ng implementasyon ng interbensyon, at lawak ng saklaw ng sinusukat na kompetensi.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

May makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng PILAK sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng angkop at makabuluhang kagamitang panturo tulad ng PILAK ay mahalagang salik sa paglinang ng kakayahang makipagtalastasan ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, ipinakita rin na walang makabuluhang epekto ang paggamit ng PILAK sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit kung kaya't ang haypotesis ay tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na ang pag-unlad sa kakayahang komunikatibo ay maaaring hindi agad nasusukat sa pamamagitan ng tradisyunal na pagsusulit at nangangailangan ng iba pang anyo ng pagtataya.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Irerekomenda sa mga mag-aaral ang mas aktibong pakikilahok sa mga gawain sa PILAK, kabilang ang repleksyon, gabay na tanong, at pagsasanay, upang mas mapalalim ang pag-unawa, malikhaing pag-iisip, at responsableng pagpapahayag ng ideya.
2. Iminumungkahi na patuloy gamitin ng mga guro ang PILAK bilang suplementaryong kagamitang panturo upang higit pang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Iminumungkahi rin na bigyang-pansin ang disenyo at kaangkupan ng mga material upang mas maging malinaw, kaakit-akit, at angkop sa antas at pangangailangan ng mga mag-aaral.
3. Irerekomenda din sa mga paaralan ang pagbibigay ng suporta at pagsasanay sa mga guro para sa mas epektibong paggamit ng PILAK, gayundin ang integrasyon ng PILAK bilang bahagi ng learning resources ng paaralan upang masiguro ang sistematikong pagpapalakas ng komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral.
4. Irerekomenda sa mga susunod na mananaliksik ang mas malawakang pag-aaral upang masuri ang pangmatagalang epekto ng PILAK sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, pati na rin ang posibilidad ng kombinasyon ng PILAK sa iba pang pedagogical strategies upang higit na mapabuti ang resulta sa pagkatuto.

## SANGGUNIAN

1. *Celce-Murcia, M., Dörnyei, Z., & Thurrell, S. (2018). Communicative competence: A pedagogically motivated model with content specifications. In M. Celce-Murcia, D. M. Brinton, & M. A. Snow (Eds.), Teaching English as a second or foreign language (4th ed.). National Geographic Learning.https://ngl.cengage.com*
2. *Eslit, E. R. (2017). Mother tongue based multilingual education challenges: A case study. Edelweiss Applied Science and Technology, 1(1), 10–23.mula sa https://www.researchgate.net/publication/345477954_Mother_Tongue_Based_Multilingual_Education_Challenges_ACase_Study*